**Kayarian ng Pangungusap**

Isulat ang titik **P** sa patlang sa loob ng saknong kung ang kayarian ng pangungusap ay **payak**, **T** kung ito ay **tambalan**, at **H** kung ito ay **hugnayan**.

1. Ang pangulo ay umakyat sa entablado at nagbigay ng talumpati. (___)
2. Mamamasyal kami sa plaza pagkatapos namin magsimba. (___)
3. Malalaki ang silid-tulugan at malinis ang malaking bakuran. (___)
4. Pumasok ang mga bata nang marinig nila ang tunog ng kampanilya. (___)
5. Ang blusa ay maganda, ngunit hindi ito kasya sa akin. (___)
6. Kung wala akong kasama, hindi ako papayagan na umalis ng bahay. (___)
7. Nahuli sa klase si Tom dahil hinatid pa niya ang kanyang kapatid. (___)
8. Kumakain ng almusal si Noel at nagbibihis si Sonia sa kuwarto. (___)
9. Nagpatahi ng uniporme si Natalie sa kanyang tita na modista. (___)
10. Alamin natin ang mga karapatan ng bawat batang Filipino. (___)
11. Papaliguan namin ang aso o didiligan namin ang mga halaman. (___)
12. Pinapakain ni Aling Puring ang inahing manok at ang mga sisiw. (___)
13. Ako ang susundo sa iyo kapag may pupuntahan si Nanay. (___)
14. Nahuli ng mga pulis ang lalaki na napaghinalaang nagnakaw ng mga alahas. (___)
15. Unti-unting nauubos ang mga puno at nawawalan ng mga tirahan ang mga hayop. (___)
16. Hindi tayo makakaalis habang malakas pa ang buhos ng ulan. (___)
17. Mahilig mag-alaga ng iba't ibang hayop ang kapatid ko. (___)
18. Dahil masipag at desidido siya, nakatayo siya ng sarili niyang negosyo. (___)
19. Umalis ako sa bahay nang maaga, subalit wala akong masakyan na dyip. (___)
20. Kapayapaan at kaayusan ay nais ng mga mamamayan sa Mindanao. (___)

LIVEWORKSHEETS